Kalakhang Maynila
Pamahalaang Lungsod ng Navotas
Tanggapan ng Sangguniang Panlungsod

RESOLUSYONG PANLUNGSOD BLG. 2011-117

NA SINASANG-AYUNAN AT PINAGTITIBAY ANG PAGGAMIT NG KARAGDAGANG 20% INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) SA HALAGANG PHP5,162,199.80 NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG NAVOTAS, KALAKHANG MAYNILA PARA SA TAONG 2011 BATAY SA PINAGTIBAY NA PLANO NG CITY DEVELOPMENT COUNCIL.

SAPAGKAT, *noong Nobyembre 22, 2011 ay naisumite sa Sangguniang Panlungsod ang pinagtibay na plano at* paggamit ng karagdagang 20% ng Internal Revenue Allotment para sa taong 2011 ng Pamahalaang Lungsod ng Navotas at inindorso sa Komite ng Apropriasyon para sa kanilang masusing pag-aaral;

SAPAGKAT, ang karagdagang 2011 20% Internal Revenue Allotment ng Pamahalaang Lungsod na may pagpapatunay ng Ingat Yamang Panlungsod ay nagkakahalaga ng Limang Milyon Isang Daan at Animnapu't Dalawang Libo Isang Daan at Siyamnapu't Siyam na Piso at Walumpung Sentimo (Php5,162,199.80);

SAPAGKAT, ang City Development Council ay nagpatibay ng isang City Development Plan na kinapapalooban ng mga proyektong pangkaunlaran na may kaukulang laang gugulin mula sa 2011 Internal Revenue Allotment, gaya ng mga sumusunod:

1. SOCIAL DEVELOPMENT	
a. Gender and Development Plan (5% of 20% pursuant to RA 7902)	258,109.99
b. Anti-illegal Drug Activities (5% of 20%)	258,109.99
2. ENVIRONMENTAL MANAGEMENT	
a. Solid Waste Management/Clean and Green	1,154,075.37
1. Repair/Maintenance of Equipments	
2. Linis Bayan/Linis Ganda Projects	
b. Flood Control Projects	3,491,904.45
Total	Php 5,162,199.80

SAPAGKAT, naniniwala ang Kagalang-galang na Sangguniang Panlungsod, na ang mga balakin o plano na nakasaad dito ay makakatugon sa pangangailangan ng Pamahalaang Lungsod at magiging malaking kapakinabangan sa mga mamamayan ng Navotas sa kanyang kabuuan.

DAHIL DITO, PAGPASIYAHAN na tulad ngayon ay PINAGPAPASIYAHAN ng Sangguniang Panlungsod ng Navotas, Kalakhang Maynila na sang-ayunan at pagtibayin ang paggamit ng karagdagang 20% Internal Revenue Allotment sa halagang Php5,162,199.80 ng Pamahalaang Lungsod ng Navotas, Kalakhang Maynila para sa taong 2011 batay sa pinagtibay na plano ng City Development Council.

Ginawa ngayong ika 5 ng Disyembre, 2011 sa panahon ng pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Navotas, Kalakhang Maynila.

Pinatutunayan ko ang katumpakan na
Nakasaad sa Resolusyong ito.

MARLON S. SERRANO
Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINATOTOHANAN AT PINATUTUNAYANG
PINAGTIBAY:

PATRICK JOSEPH A. JAVIER
Pangalawang Punong Lungsod
Tagapangulo, Sangguniang Panlungsod